**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 16, 217-228




# Estratehiyang SQ3R: Maunawang pagbasa sa Filipino 7

Tapasao, Chrisela T. ✉
*Lanas National High School, Philippines (chrisela.tapasao@deped.gov.ph)*

**Received**: 26 September 2025 **Revised**: 15 October 2025 **Accepted**: 31 October 2025
**Available Online**: 1 November 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25284

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

---

***Abstract***

The study examined the effectiveness of the SQ3R strategy on the reading comprehension of seventh-grade students at Lanas National High School during the school year 2022–2023, as a guide for developing reading instructional materials. The study assessed students' pretest performance using traditional reading instruction. It also evaluated the students' post-test performance after using the SQ3R strategy. In addition, the study identified its impact on students' interest in reading and on retention. A descriptive correlational research design was used to assessed students' performance in reading comprehension. The findings revealed that respondents' pretest performance in reading comprehension was at *moderate* to *low* levels. Meanwhile, their post-test performance improved, reaching the *approaching mastery* level based on the identified competencies. The results indicate a significant difference between the pretest and post-test reading comprehension performances. This demonstrates that the SQ3R strategy is a valuable supplementary approach that can help enrich comprehension and should be considered by teachers in reading instruction. The study also revealed that SQ3R increases students' interest in reading and fosters retention. The study concluded that the SQ3R strategy can help enhance and develop selected MELC's in Reading for Filipino 7.

***Keywords:*** Filipino teaching, SQ3R, reading comprehension, MELC's

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

# Estratehiyang SQ3R: Maunawang pagbasa sa Filipino 7


## 1. Abstrak

Sinuri sa pag-aaral ang kabisaan ng estratehiyang SQ3R sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Lanas National High School sa taong panuruan 2022-2023 bilang gabay sa pagbuo ng kagamitan sa pagtuturo ng pagbasa. Tiniyak ng pag-aaral na masuri ang paunang pagganap ng mga mag-aaral gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng maunawang pagbasa. Samantala, sinuri rin ang panghuling pagganap ng mga respondente gamit ang estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng pagbasa. Dagdag pa, tinukoy rin ang epekto ng paggamit ng estratehiyang SQ3R sa interes at retensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptib koreleysyonal na disenyo ng pananaliksik. Natuklasan sa pag-aaral na ang paunang pagganap ng mga respondente gamit ang tradisyonal na pagtuturo ay nasa katamtaman at mababang pagkatuto sa maunawang pagbasa. Samantala, gamit ang estratehiyang SQ3R sa maunawang pagbasa, nakitaan ng pagtaas ang panghuling pagganap ng mga respondente nasa *patungo sa pagkatuto* ang antas ng pagtamo batay sa mga tinukoy na kompetensi. Makikita sa resulta ng pag-aaral na may makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panghuling pagganap sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral. Patunay lamang ito na ang estratehiyang SQ3R ay mabuting karagdagang estratehiya na makatutulong sa pagpapayaman ng komprehensyon na nararapat ikunsiderang gamitin ng kaguruan sa pagtuturo ng pagbasa. Natuklasan din na ang SQ3R napapataas ang interes sa pagbasa at nakakalinang ito sa retensyon ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, naisakongklusyon na ang estratehiyang SQ3R ay makatutulong sa pagpapahusay at paglinang sa mga piling MELC’s sa maunawang pagbasa sa Filipino 7.


***Susing salita***: Filipino teaching, SQ3R, maunawang pagbasa, MELC’s

## 2. Panimula

Ang pagbasa ay isang mapanghamong kognitibong gawain ng pag-unawa sa mga impormasyon sa loob ng teksto at iba pang babasahin. Ito ay kinakailangang maunawaan ang mga pinagsamang impormasyon sa loob ng teksto mula sa mga salita, parirala, pangungusap, talata, hanggang sa mga kabanata kaya nararapat hubugin ang mga kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon nga kay Mete (2020) na ang mga kasanayan sa pag-unawa ng pagbasa ay may mahalagang papel sa edukasyonal at personal na pag-unlad ng buhay ng isang indibidwal. Isinasaad din nito na ang mga taong hindi nakauunawa sa kanilang binabasa o hindi nahubog ang kakayahan sa pag-unawa ay nabibigo kung ikukumpara sa ibang taong may kakayahan sa pagbasa.

Binanggit naman ni Bastug (2014) na ang maunawang pagbasa at tagumpay sa aspetong pang-akademiko ay may kaugnayan sapagkat ang pagbasa ay isang napakaepektibong paraan upang makakuha ng kaalaman na kailangan sa isang mag-aaral bilang susi sa pang-akademikong tagumpay. Ang kakayahan sa pagbasa ay isa sa pinakamahalagang kasanyan na kinakailangang hubugin ng sistemang pang-edukasyon. Ngunit, humaharap sa malaking hamon ang estado ng pagbasa saanmang dako ng daigdig. Ipinakita sa isang sarbey sa 50 bansa, 40 porsiyento ng mga mag-aaral ang iniulat na medyo o mas mababa lamang ang interes sa mga aralin ng pagbasa ayon ito sa resulta na isinagawa ng *Organization for Economic Co-operation and Development* (OECD) (Barber at Klauda, 2020).

Ang hamong ito sa pagbasa ay nararanasan din sa Pilipinas. Patunay nito ay ang resulta sa 2018 na programa ng PISA (*International Student Assessment*), nakakuha ang Pilipinas ng pinakamababang puntos pagdating sa maunawang pagbasa. Ang programang ito ay mayroong 79 na kalahok na bansa. Ang maunawang pagbasa ang pangunahing tinasa sa mga mag-aaral na nasa 15 taong gulang. Ang Pilipinas ay may puntos na 340, na higit sa mababa ng 200 na puntos kaysa sa China na may puntos na 555 (ulat ni San Juan, 2019). Naobserbahan din ng mananaliksik na ang kaniyang mga mag-aaral sa ikapitong Baitang ng Lanas National High School sa taong

panuruan 2021-2022 ay 74% ng mga mag-aaral ay nasa *Frustration Level* sa *Reading Comprehension*. Sa sampung katanungang ibinigay ng guro sa mga mag-aaral, apat lamang ang nasagutan nang tama sa *Oral Verification Test* (OVT) na isinagawa noong Oktubre 2021, ang bawat estudyante ay isa-isang pinabasa ng guro at binigyan ng mga katanungan na may kaugnayan sa kanilang binasa. Ang gawaing ito ay nagbigay ng malaking hamon sa kung paano lilinangin ang kakayahan sa maunawang pagbasa at paano mapaunlad ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Nakababahala ang mga resultang ito lalo na sa mga guro na nagtuturo sa asignaturang Filipino. Ang mga hamong ito sa pagbasa ang nagtulak sa mananaliksik na pag-aralan ang mga paraan o estratehiya upang maagapan ang mga hamon sa maunawang pagbasa. Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang kabuluhan at epekto ng paggamit ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng pagbasa lalo na sa interes at retensiyon sa binasang teksto ng mga mag-aaral ng ikapitong antas ng Lanas National High School tungo sa maunawang pagbasa. Inilahad sa pag-aaral nina Asiri at Momani (2017) na ang SQ3R ay isang estratehiya na gumagamit ng sarbey upang mapataas ang *schemata* ng mga mag-aaral. Dagdag pa, ang mga mag-aaral na gumamit ng estratehiyang ito sa maunawang pagbasa ay higit na matagumpay kaysa sa mga hindi gumagamit nito. Ang estratehiyang SQ3R ay nakatutulong sa mga mag-aaral na matandaan ang ilang mga pahina sa pagbabasa. Malaya silang magsulat ng mga tala sa sarili nilang mga salita, bigkasin ang mga ito, at talakayin sa dulo ng bawat kabanata. Sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraang ito, mas mapapadali ng mga guro ang pagtuturo ng pagbasa at mas maeengganyo ang mga mag-aaral na magbasa.

Sa kabuoan, ang pagbasa na may pag-unawa ay isa sa pinakamahalagang kasanayan na kailangang linangin ng isang indibidwal. Malaking hamon sa mga guro ng sekundarya na hubugin ang mga mag-aaral sa ikapitong antas pa lamang upang hindi na mahihirapan o mapadali ang pag-aaral sa mga susunod na baitang. Ito ay nagsisilbing paraan ng bawat mag-aaral upang matutuhan ang iba't ibang asignatura at maging matagumpay sa akademikong gawaing kanyang tinatahak.

### *2.1 Layunin ng Pag-aaral*

Nilayon sa pag-aaral na masuri ang kabisaan ng estratehiyang SQ3R sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Lanas National High School sa taong panuruan 2022-2023 bilang gabay sa pagbuo ng kagamitan sa pagtuturo ng pagbasa. Tinitiyak din ng pag-aaral na matugunan ang pagsusuri sa paunang pagganap ng mga respondente gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa batay sa MELC's ayon sa: *naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari*; *nasusuri ang pagkamakatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan*; at *nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo*. Nilalayon din ng pag-aaral na masukat ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa gamit ang estratehiyang SQ3R. Matapos ang pauna at panghuling pagganap, tinaya sa pag-aaral ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral gamit ang tradisyunal at ang SQ3R sa pagtuturo ng pagbasa. Sinuri rin sa pag-aaral ang nahinuhang epekto ng mga respondente sa paggamit ng SQ3R sa kanilang pagganap sa maunawang pagbasa ayon sa interes at retensyon sa pagbasa.

### *2.2 Kahalagahan ng Pag-aaral*

Ang mga sumusunod na tao at institusyon ay makikinabang mula sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito upang mapaunlad ang kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral.

**Kagawaran ng Edukasyon.** Ang mga resulta ng pag-aaral ay kapaki-pakinabang sa departamento upang mapaunlad ang mga kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang estratehiyang SQ3R.

**Administrador.** Ang resulta sa pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga administrador ng paaralan upang maipabatid sa kanilang mga guro ang kahalagahan sa paggamit ng angkop at epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng LAC Session.

**Mga Guro.** Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro na naglalayong mapahusay at mapalinang ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na may pag-unawa, at makabuo ang ng sariling programang pang-interbensyon o paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa mga mag-aaral.

**Mga Magulang.** Ang pag-aaral na ito ay nakatutulong din sa mga magulang upang sila ay may kamalayan sa estado at kahalagahan ng kasanayan sa pagbasa ng mga estudyante na may pag-unawa.

**Mag-aaral.** Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga estudyante na pagtuunan ng pansin ang pagpapahusay at paglilinang sa kasanayan sa pagbasa ng may pag-unawa gamit ang estratehiyang SQ3R.

**Iba pang Mananaliksik.** Ang pag-aaral na ito ay kapaki-pakinabang sa mga susunod na mananaliksik na magsisilbing batayan para sa kanilang isasagawang pag-aaral sa hinaharap.

## 3. Metodolohiya

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptib koreleysyonal na disenyo ng pananaliksik sa pagsisiyasat sa mga datos upang masuri ang kabuluhan at epekto sa paggamit ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng maunawang pagbasa sa mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang ng Lanas National High School. Apatnapung (40) mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Lanas National High School sa taong panuruan 2022-2023 sa Lungsod ng Naga, Cebu ang napili ng mananaliksik bilang respondente ng pag-aaral.

Ginamit sa pag-aaral ang kwestyuner o talatanungan upang masuri ang kabisaan ng paggamit ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng maunawang pagbasa sa mga respondenteng mag-aaral. Mayroon itong tatlong akdang tinasa. Ito ang maikling kwentong *Pagislam*, pabulang *Natalo Rin Si Pilandok*, at kuwentong-bayan na *Ang Munting Ibon*. Ang mga katanungan sa mga akdang ito ay nakabatay sa tatlong MELC's na tinasa sa pag-aaral na ito. Ang bawat kompentensi ay mayroong limang katanungan sa bawat akda. Ang mga katanungang ito ay nakakatulong sa pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga respondante gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng maunawang pagbasa at ang paggamit ng estratehiyang SQ3R.

Sa pangalawang bahagi, sinuri ang epekto ng paggamit ng estratehiyang SQ3R sa interes at retensyon sa pagbasa ng mga respondente.

Sa pangangalap ng datos, inihanda ng mananaliksik ang *consent letter* upang humingi ng permiso sa punongguro na maisagawa ang pag-aaral. Humingi rin ang mananaliksik ng permiso sa mga magulang ng mga respondente at nakipag-usap sa mga mag-aaral sa petsa, paraan sa pagbigay at pagkuha sa mga talatanungan upang maiwasan ang kalituhan.

Una, ibinahagi ng mananaliksik sa mga mag-aaral ang talatanungan upang matukoy ang paunang pagganap ng mga respondente gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Pagkatapos sumagot ang mga respondente ay kinolekta ng mananaliksik ang mga talatanungan. Pangalawa, tinalakay at itunuro ng mananaliksik ang paggamit ng estratehiyang SQ3R sa pagbasa. Pangatlo, binibigyan ang mga mag-aaral ng talatanungan para sa pahuling pagganap ng mga respondente gamit ang estratehiyang SQ3R. Pagkatapos masagutan, kinuha naman ng mananaliksik ang mga talatanungan sa panghuling pagganap ng mga mag-aaral. Pang-apat, sinuri at tiniyak ng mananaliksik na walang aytem na maiiwanang walang sagot. Kung magkakaroon ng mga tanong na hindi nasagutan, ang mga respondente ay hiniling na sagutan itong muli.

Panghuli, iwinasto ng mananaliksik ang mga sagot ng mga mag-aaral at itinala ang mga nakuhang marka ng mga mag-aaral. Sinuri at binigyan ng interpretasyon ang mga nakuhang datos.

## 4. Resulta at Pagtatalakay

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptib koreleysyonal na disenyo ng pananaliksik sa pagsisiyasat sa mga datos upang masuri ang kabuluhan at epekto sa paggamit ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng maunawang pagbasa

sa mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang ng Lanas National High School.

Inilalahad sa kabanatang ito ang kwantitabong resulta kaugnay sa mga katanungan sa pag-aaral na ito: Ang paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral gamit ang tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa batay sa MELC's; panghuling pagganap ng mga respondente gamit ang estratehiyang SQ3R; makabuluhang pagkakaiba sa pauna at panghuling pagganap batay sa MELC's; at mga nahinuhang epekto ng mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng pagbasa ayon sa interes sa pagbasa at retensyon sa pagbasa.

*4.1 Paunang Pagganap sa Sanhi at Bunga ng Pangyayari*

Talahanayan 1

*Paunang Pagganap sa Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari sa Tatlong Teksto*

| Teksto | Mean | Standard deviation | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Pagislam | 50.24 | 26.50 | Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery) |
| Natalo rin si Pilandok | 59.02 | 33.45 | Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery) |
| Ang Munting Ibon | 58.05 | 27.13 | Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery) |

**Legend:** 0-4%= Talagang Walang Pagkatuto; 5%-14%= Lubhang Mababa ang Pagkatuto; 15%-34%= Mababa ang Pagkatuto; 35%-65%= Katamtamang Pagkatuto; 66%-85%= Patungo sa Pagkatuto; 86%-95%= Malapit sa Tinatayang Pagkatuto; 96%-100%= Lubusang Pagkatuto

Lutang na lutang sa talahanayan 1 na ang paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral ay nasa *katamtamang pagkatuto* sa kompetensing *pagpapaliwang sa sanhi at bunga ng mga pangyayari batay sa mga kuwentong binasa*. Nakitaan din na mayroong mga respondenteng nakakuha ng kasiya-siyang marka gaya ng *lubusang pagkatuto* at *patungo sa pagkatuto.* Nangangahulugan lamang ito na bagamat malaking bilang sa mga respondenteng ang nakakuha ng *katamtamang pagkatuto* ang mga mag-aaral ay may pagdadalawang-isip sa pagsusuri sa sanhi at bunga ng mga pangyayari. May mga respondente pa ring nahihirapan sa *pagpapaliwanag sa sanhi at bunga ng mga pangyayari* na nangangailangan ng masigasig na paggabay at ibayong pagsasanay sa pag-unawa ng maikling kuwento.

Binanggit nga sa pag-aaral ni Kawaguchi (2011), na pagkatapos ng anim na linggo na pagtuturo sa pagbasa gamit ang tradisyonal na paraan, ang naging marka ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa ay nagpakita na may kaunting pag-unlad. Ang paggamit ng tradisyonal na pagtuturo ng pagbasa ay hindi gaanong nakapagpapaunlad sa antas ng kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga respondente batay sa datos na nakalap sa paunang pagganap sa *pagpapaliwang sa sanhi at bunga ng pangyayari* sa tatlong piling teksto. Sa katunayan, *katamtamang pagkatuto* lamang ang antas ng pagkatuto ng karamihan ng mga respondente ayon sa sinuring kompetensi. Makikita rin na mayroon ding mga mag-aaral ang nakakuha ng *mababang pagkatuto* at *talagang walang pagkatuto.*

*4.2 Paunang Pagganap sa Pagkamakatotohanan ng mga Pangyayari batay sa Karanasan*

Talahanayan 2

*Paunang Pagganap sa Pagkamakatotohanan ng mga Pangyayari batay sa Karanasan*

| Teksto | Mean | Standard deviation | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Pagislam | 43.41 | 26.42 | Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery) |
| Natalo rin si Pilandok | 41.95 | 29.26 | Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery) |
| Ang Munting Ibon | 40.00 | 26.46 | Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery) |

**Legend:** 0-4%= Talagang Walang Pagkatuto; 5%-14%= Lubhang Mababa ang Pagkatuto; 15%-34%= Mababa ang Pagkatuto; 35%-65%= Katamtamang Pagkatuto; 66%-85%= Patungo sa Pagkatuto; 86%-95%= Malapit sa Tinatayang Pagkatuto; 96%-100%= Lubusang Pagkatuto

Mahihinuha sa talahanayan 2 na ang paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa kompetensing *pagsusuri sa pagkamakatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan* ay nasa *katamtamang pagkatuto.* Sa kabilang banda, nakaaagaw-pansin ang bilang ng mga respondente na nakakuha ng *mababang*

*pagkatuto* at *talagang walang pagkatuto* sa kompetensing ito. Nangangahulugan lamang ito na ang mga mag-aaral ay nalilituhan sa pagsusuri sa pagkamatotohanan ng mga pangyayari batay sa kanilang sariling karanasan kung kaya nangangailan sila ng ibayong pagsasanay. Sa ganitong paraan, malilinang silang mailapat ang mga konseptong nasa teksto sa kanilang aktuwal na pamumuhay.

Binanggit nina Tularam at Machisella (2018) na ang tradisyunal na pagtuturo ay maaaring hindi magbigay sa mga mag-aaral ng mahahalagang kasanayan at sa katunayan ang ilan ay umabot pa sa pagsasabing ang tradisyonal na pamamaraan ay humahantong sa hindi pagpapanatili ng kaalaman ng mga mag-aaral matapos ang mga pagsusulit. Binigyang-diin ng pahayag ni Tularam at Machisella (2018) ang implikasyon ng kasalukuyang pag-aaral na inilalantad ng mga datos na kakaunting bilang lamang ng mga mag-aaral ang nakakuha ng malaking puntos sa *pagsusuri sa pagkamakatotohanan ng mga pangyayari*. Kung kaya, ang paggamit ng tradisyonal na pagtuturo ay maaaring humantong sa mababang pagtamo sa kompetensing ito. Mahalagang magsagawa ng mga gawaing integratibo upang himukin ang mga mag-aaral na ilapat ang mga konsepto ng akdang kanilang binasa tungo sa konteksto. Ang mga gawaing pampagtuturo na nagbibigay ng pagkakataon upang mailapit sa karanasan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasang teksto ay higit na kinakailangang isagawa.

*4.3 Paunang Pagganap sa Paggamit sa Datos ng Pananaliksik sa Proyektong Panturismo sa Tatlong Teksto*

Talahanayan 3
*Paunang Pagganap sa Paggamit sa Datos ng Pananaliksik sa Proyektong Panturismo sa Tatlong Teksto*

| Teksto | Mean | Standard deviation | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Pagislam | 29.76 | 25.74 | Mababa ang Pagkatuto (Low Mastery) |
| Natalo rin si Pilandok | 30.73 | 26.49 | Mababa ang Pagkatuto (Low Mastery) |
| Ang Munting Ibon | 40.49 | 24.28 | Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery) |

**Legend:** 0-4%= Talagang Walang Pagkatuto; 5%-14%= Lubhang Mababa ang Pagkatuto; 15%-34%= Mababa ang Pagkatuto; 35%-65%= Katamtamang Pagkatuto; 66%-85%= Patungo sa Pagkatuto; 86%-95%= Malapit sa Tinatayang Pagkatuto; 96%-100%= Lubusang Pagkatuto

Ipinalulutang sa talahanayan 3 na ang paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa kompetensi na *paggamit ng datos sa pananaliksik ng proyektong panturismo* ay nasa antas na mababang pagkatuto sa mga tekstong *Pagislam* at *Natalo rin si Pilandok* samantalang nasa *katamtamang pagkatuto* naman sa tekstong *Ang Munting Ibon*. Sa madaling salita, mapapansin na mas nahihirapan ang mga mag-aaral sa *pagsusuri sa paggamit ng datos sa pananaliksik ng proyektong panturismo* sa mga tekstong nabibilang sa maikling kwento at pabula. Marahil, nakaimpluwensiya rin sa kanilang pagganap ang haba ng teksto at ang lalim ng mga bokabularyong ginamit sa mga tekstong ito. Nangangahulugan lamang ito na ang mga respondenteng kamamalasan ng mababang pagganap at nalilituhan sa *pagsusuri sa paggamit ng mga datos ng pananaliksik sa proyektong panturismo* kung kaya nangangailangan sila ng gabay sa kung paano nila ganap na matatamo ang kompetensing ito.

Sa pag-aaral nina Inas at Hussein (2023) binanggit na hindi sapat kung nakadepende lamang ang guro sa paggamit ng mga tradisyunal na paraan ng pagtuturo upang makasabay sa panahon ng teknolohiya; nararapat ding subukan ng mga guro na ilapat ang pinakamahusay at inobationg paraan ng pagtuturo para sa mga mag-aaral upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa 21$^{st}$ Siglo. Ipinaliwanag naman ni Mehta (2019) na ang mga tradisyonal na pamamaraan ay gumamit ng pag-uulit at pagsasaulo ng impormasyon upang turuan ang mga mag-aaral at hindi nila nabubuo ang kanilang kritikal na pag-iisip, paglutas ng problema, at kasanayan sa paggawa ng desisyon. Maisasaimplikasyon nito na ang paggamit ng tradisyonal na pagtuturo sa maunawang pagbasa ay mayroong kakulangan sa pagbibigay ng mga pagkakataon sa pagkatuto ng kritikal na pag-iisip, paglutas ng mga problema, at pagdedesisyon na nagiging balakid sa pagtamo ng kasanayang ito.

Sa kabuoan, ang paunang pagganap ng mga respondente sa *paggamit ng datos ng pananaliksik sa proyektong panturismo* ay *mababang pagkatuto* sa mga tekstong *Pagislam* at *Natalo rin si Pilandok* at *katamtamang pagkatuto* naman sa tekstong *Ang Munting Ibon.* Ang mababang pagganap sa kompetensing ito ay magsisilbing lunsaran sa mga guro ng pagbasa na gumamit ng mga pamamaraan na naghihimok ng mga oportunidad sa kritikal na pag-iisip,

paglutas ng mga suliranin, at pagbuo ng desisyon. Nangangailangan pa ng masidhi at ibayong pagtuturo upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga piling tekstong binasa at lubusang matamo ang mga piling kompetensi na ninanais na linangin.

### *4.4 Panghuling Pagganap sa Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari*

Talahanayan 4
*Panghuling Pagganap sa Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari*

| Teksto | Mean | Standard deviation | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Pagislam | 81.95 | 22.72 | Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery) |
| Natalo rin si Pilandok | 89.27 | 21.49 | Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (Closely Approximating mastery) |
| Ang Munting Ibon | 75.61 | 23.88 | Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery) |

**Legend:** 0-4%= Talagang Walang Pagkatuto; 5%-14%= Lubhang Mababa ang Pagkatuto; 15%-34%= Mababa ang Pagkatuto; 35%-65%= Katamtamang Pagkatuto; 66%-85%= Patungo sa Pagkatuto; 86%-95%= Malapit sa Tinatayang Pagkatuto; 96%-100%= Lubusang Pagkatuto

Mamamalas sa talahanayan 4 na ang panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa *pagpapaliwanag sa sanhi at bunga* ay nasa *patungo sa pagkatuto* sa tekstong *Pagislam* at *Ang Munting Ibon* samantalang nasa *malapit na tinatayang pagkatuto* naman ang antas ng mga respondente sa *Natalo rin si Pilandok*. Nangangahulugan lamang ito na may bahagyang pagtaas sa performans ng mga mag-aaral gamit ang estratehiyang SQ3R kung ikukumpara sa kanilang paunang pagganap. Ang estratehiyang SQ3R ay nakatulong sa pagtamo ng kompetensi sa *pagpapaliwanag sa sanhi at bunga ng pangyayari* at nagdulot ng higit na pag-unawa sa pagbasa ng tatlong piling teksto.

Isinaad sa pag-aaral nina Asiri at Momani (2017), na ang mga mag-aaral na gumagamit ng estratehiyang SQ3R para sa maunawang pagbasa ay mas lamang ang pagganap sa pagbasa kaysa mga mag-aaral na hindi gumagamit nito. Ang mga gurong gumagamit ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ay magkaroon ng magandang resulta sa pagganap ng mga mag-aaral (Asiri at Momani, 2017). Ipinapahiwatig sa pag-aaral na ito na ang paggamit ng estratehiyang SQ3R sa panghuling pagganap ng mga respondente ay nakapagpapabuti sa kasanayan sa maunawang pagbasa. Sa katunayan nasa *patungo sa pagkatuto* na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa *pagpapaliwanag sa sanhi at bunga ng pangyayari*. Ang paglalapat ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ay nakatutulong upang tumaas ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral.

### *4.5 Panghuling Pagganap sa Pagkamakatotohanan ng mga Pangyayari batay sa Karanasan*

Talahanayan 5
*Pang*huling Pagganap sa Pagkamakatotohanan ng mga Pangyayari batay sa Karanasan

| Teksto | Mean | Standard deviation | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Pagislam | 73.17 | 25.54 | Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery) |
| Natalo rin si Pilandok | 74.15 | 27.29 | Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery) |
| Ang Munting Ibon | 65.85 | 29.07 | Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery) |

**Legend:** 0-4%= Talagang Walang Pagkatuto; 5%-14%= Lubhang Mababa ang Pagkatuto; 15%-34%= Mababa ang Pagkatuto; 35%-65%= Katamtamang Pagkatuto; 66%-85%= Patungo sa Pagkatuto; 86%-95%= Malapit sa Tinatayang Pagkatuto; 96%-100%= Lubusang Pagkatuto

Makikita sa talahanayan 5 na ang panghuling pagganap ng mga respondente sa *pagsusuri sa pagkamakatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan* ay may kapansin-pansing pagtaas sa tekstong *Pagislam* at *Natalo rin si Pilandok* na kapwa nasa antas na *patungo sa pagkatuto* samantala nanatili naman sa *katamtamang pagkatuto* ang pagganap ng mga respondente sa tekstong *Ang Munting Ibon.* Nangangahulugan lamang ito na ang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral gamit ang estratehiyang SQ3R ay nakatutulong upang linangin ang kanilang maunawang pagbasa. Nakapagbigay ang estratehiyang SQ3R ng mas sistematikong hakbang sa pagtuturo ng maunawang pagbasa sa mga mag-aaral na nasa ikapitong antas ng pag-

aaral.

Isinaad nina Fisher at Frey (2004) na ang SQ3R ay isang etratehiya sa pag-unawa na tumutulong sa mga mag-aaral na isipin ang tekstong kanilang binabasa habang sila ay nagbabasa. Tinutulungan ng SQ3R ang mga mag-aaral na maunawaan sa unang pagkakataon na magbasa sila ng isang teksto sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga mag-aaral kung paano magbasa at mag-isip tulad ng isang epektibong mambabasa. Bilang implikasyon, ang pagtaas sa pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa *pagsusuri sa pagkamakatotohanan ng mga pangyayari* ay bunga ng masigasig na paglalapat ng guro sa estratehiyang SQ3R. Kaya, nararapat lang na ikonsidera ang paggamit sa SQ3R bilang karagdagang estratehiya upang bigyan pa ng mas maraming oportonidad ang mga mag-aaral sa kanilang aktibong pagkatuto.

Bilang pangkalahatan, lutang na lutang sa datos ang bahagyang pagtaas ng pagganap ng mga respondente sa *pagsusuri sa pagkamakatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan*. Patunay nito ang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral mula sa *katamtamang pagkatuto* sa paunang pagganap tungo sa *patungo sa pagkatuto* sa panghuling pagganap sa mga tekstong *Pagislam* at *Natalo rin si Pilandok.* Ang estratehiyang SQ3R ay nararapat lang na gamitin ng kaguruan sa pagtuturo ng maunawang pagbasa upang mabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakaton na maging aktibong kasangkot sa kanilang pag-aaral.

*4.6 Panghuling Pagganap sa Paggamit ng Datos ng Pananaliksik sa isang Proyektong Panturismo sa Tatlong Teksto*

Talahanayan 6
*Panghuling Pagganap sa Paggamit ng Datos ng Pananaliksik sa isang Proyektong Panturismo sa Tatlong Teksto*

| Teksto | Mean | Standard deviation | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Pagislam | 66.34 | 19.72 | Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery) |
| Natalo rin si Pilandok | 67.32 | 25.98 | Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery) |
| Ang Munting Ibon | 76.10 | 24.58 | Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery) |

**Legend:** 0-4%= Talagang Walang Pagkatuto; 5%-14%= Lubhang Mababa ang Pagkatuto; 15%-34%= Mababa ang Pagkatuto; 35%-65%= Katamtamang Pagkatuto; 66%-85%= Patungo sa Pagkatuto; 86%-95%= Malapit sa Tinatayang Pagkatuto; 96%-100%= Lubusang Pagkatuto

Makikita sa talahanayan 6 na ang mga respondenteng mag-aaral ay higit na nakaranas ng makabuluhang pagtaas ng kanilang pagganap. Patunay nito ang pagtaas ng kanilang paunang pagganap na nasa antas na *mababa ang pagkatuto* sa mga tekstong *Pagislam* at *Natalo rin si Pilandok* tungo sa antas na *patungo sa pagkatuto.* Samantala, tumaas rin ng bahagya ang pagganap ng mga respondente sa tekstong *Ang Munting Ibon* mula sa *katamtamang pagkatuto* sa unang pagganap tungo sa antas na *patungo sa pagkatuto.* Mahihinuha rito na ang SQ3R ay mayroong positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa paglinang sa kasanayang masuri ang paggamit sa datos ng pananaliksik sa proyektong panturismo. Magbubunga ito ng higit na pag-unawa sa kultura, pagkakakilanlan, at pangangalaga sa mga ipinagmamalaking likas-yaman ng kanilang lipunan.

Winika nga nina Ciccarelli at White (2009) na ang SQ3R ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na gamitin ang kanilang mga memorya sa kanilang buong potensyal sa pamamagitan ng paglikha ng isang *visual* at *auditory memory* ng teksto pati na rin ang paggamit ng pag-uulit ng materyal bilang isang uri ng estilo ng memorya. Nagpapatunay lamang ito sa mga kapansin-pansing positibong pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral. Sa tulong ng SQ3R, nalilinang ng mga mag-aaral ang kanilang pagkilala sa kultura at identidad at pangangalaga sa natatanging likas-yaman ng komunidad na makikita sa paggamit sa datos ng pananaliksik sa proyektong panturismo.

*4.7 Makabuluhang Pagkakaiba ng Pauna at Panghuling Pagganap ng mga Respondente sa Maunawang Pagbasa*

Talahanayan 7

*Makabuluhang Pagkakaiba ng Pauna at Panghuling Pagganap ng mga Respondente sa Maunawang Pagbasa*

| MELC's sa Pagtuturo sa Pagbasa | p-value | Interpretation |
|---|---|---|
| Pagpapaliwanag sa sanhi at bunga ng mga pangyayari | 0.001 | Significant |
| Pagsusuri ang pagkamakatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan | 0.001 | Significant |
| Pagsusuri sa ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo | 0.001 | Significant |

Makikita sa talahanayan 7 na may makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panghuling pagganap ng mga respondanteng mag-aaral sa maunawang pagbasa batay sa MELC's tulad ng *pagpapaliwanag sa sanhi at bunga ng mga pangyayari*, *pagsusuri ng pagkamakatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan*, at *pagsusuri sa ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo* na may katumbas na p=0.001 na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba.

Batay sa datos, ang pauna at panghuling pagganap ng 40 mga respondenteng mag-aaral sa ikapitong baitang ng Lanas National High School ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panghuling pagganap ng mga respondante. Makikita na nagkakaroon ng mas mataas na marka ang mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng pagbasa kaysa paggamit ng tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Ipinalulutang lamang nito na ang paggamit ng estratehiyang SQ3R sa maunawang pagbasa ay mabuting dagdag na estratehiya na makatutulong sa pagpapayaman ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa pagbasa ng maikling kuwento.

Natuklasan sa pag-aaral ni Biringkanae (2018), na ang tagumpay ng mga mag-aaral sa komprehensiyon ng pagbasa gamit ang estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng pagbasa ay mas mataas kaysa tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Pinagtibay naman ito sa pag-aaral nina Bakhtiar, Salija & Abduh (n.d.) na positibong nagsaad na ang paggamit ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ay may makabuluhang epekto sa pagpapahusay sa pagganap ng mga mag-aaral tungo sa maunawang pagbasa. Bilang implikasyon, pinatutunayan ng pag-aaral na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pauna at panghuling pagganap ng mga respondente sa maunawang pagbasa batay sa tinukoy na MELC's. Sinasalungat nito ang haypotesis ng pag-aaral. Sa madaling salita, ang estratehiyang SQ3R ay mabuting karagdagang estratehiya na makatutulong sa pagpapayaman ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa pagbasa ng maikling kuwento. Kung kaya, nararapat lang na ikunsidera ang paggamit nito sa pagtuturo ng maunawang pagbasa sa bawat antas ng pagkatuto sa sekundarya. Patunay lamang ito na ang estratehiyang SQ3R ay mabuting karagdagang estratehiya na makatutulong sa pagpapayaman ng komprehensyon ng mga mag-aaral na nararapat ikunsiderang gamitin ng kaguruan sa pagtuturo ng maunawang pagbasa.

*4.8 Nahinuhang Epekto sa Paggamit ng SQ3R sa Pagganap ng mga Respondente sa ayon sa Interes*

Talahanayan 8

*Nahinuhang Epekto sa Paggamit ng SQ3R sa Pagganap ng mga Respondente sa ayon sa Interes*

| Nahinuhang Epekto ng SQ3R sa Interes sa Pagbasa | Mean | Standard Deviation | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Gamit ang estratehiyang SQ3R ginaganahan akong magbasa ng mahahabang babasahin. | 4.25 | 2.92 | Palagi |
| Nakakatulong sa aking pagbabasa ang mga ilustrasyon gamit ang estratehiyang SQ3R. | 4.28 | 3.66 | Palagi |
| Nakasasagot ako sa tamang oras gamit ang estratehiyang SQ3R. | 3.83 | 3.10 | Madalas |

**Legend:** 1.00-1.81= Hindi Kailanman; 1.81-2.60= Bihira; 2.61-3.40= Minsan; 3.41-4.20= Madalas; 4.21-5.00= Palagi

Masusuri sa talahanayan 8 na ang mga respondenteng mag-aaral ay palaging ginaganahang magbasa ng mahahabang babasahin gamit ang estratehiyang SQ3R. Makikita rin na palaging interesado ang mga respondente

na magbasa sa tulong ng estratehiyang SQ3R lalo na sa mga ilustrasyong nakapaloob sa mga babasahin. Dagdag pa, madalas nakasasagot sa tamang oras ang respondanteng mag-aaral gamit ang estratehiyang SQ3R. Ipinapakahulugan lamang nito na ang estratehiyang SQ3R ay nakahihimok sa interes ng mga respondanteng mag-aaral upang ganahan na magbasa ng mga piling maikling kuwento.

Ang estratehiyang SQ3R ay nagbigay-daan sa mga mag-aaral upang maging aktibo at makilahok sa kanilang pag-aaral. Naninindigan din siya na nakatutulong ang paggamit ng estratehiyang ito upang baguhin ang mga negatibong pananaw ng mga mag-aaral sa pagbasa. Dagdag pa niya, ang SQ3R ay nagpapakilala sa iba't ibang kognitibong teknik sa pagbasa na maisasakatuparan ng mga mag-aaral nang may pag-unawa (Asiri at Momani, 2017). Iminungkahi rin nila Asiri at Momani (2017), na ang mga guro ay maaaring gumamit ng estratehiyang SQ3R upang mas mapadali at maging interesado ang mga mag-aaral sa ituturo na pagbasa. Ayon kay Amiruddin (2022), ang paggamit ng estratehiyang SQ3R ay nakapagpapahusay sa proseso ng pagkatuto sapagkat naging mas aktibo at masigasig ang mga mag-aaral sa pagbasa. Ang estratehiyang SQ3R ay nakakatulong sa mga respondenteng mag-aaral upang maging interesado sa pagbabasa lalo na sa mahahabang babasahin. Madalas din silang nakakasagot ng tamang oras sa mga katanungan sa pagsusulit na ibinibigay ng mananaliksik.

*4.9 Nahinuhang Epekto sa Paggamit ng SQ3R sa Pagganap ng mga Respondente sa ayon sa Retensyon*

Talahanayan 9
*Nahinuhang Epekto sa Paggamit ng SQ3R sa Pagganap ng mga Respondente sa ayon sa Retensyon*

| Nahinuhang Epekto ng SQ3R sa Interes sa Pagbasa | Mean | Standard Deviation | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Naipaliliwanag ko ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akdang aking binasa gamit ang estratehiyang SQ3R. | 4.03 | 3.57 | Madalas |
| Nasusuri ko ng mahusay ang pagkamakatotohanan ng mga pangyayari sa loob ng akdang aking binasa batay sa aking sariling karanasan gamit ang estratehiyang SQ3R. | 4.13 | 3.43 | Madalas |
| Mahusay kong nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo kaugnay sa aking binasang akda gamit ang estratehiyang SQ3R. | 4.15 | 3.83 | Madalas |

**Legend:** 1.00-1.81= Hindi Kailanman; 1.81-2.60= Bihira; 2.61-3.40= Minsan; 3.41-4.20= Madalas; 4.21-5.00= Palagi

Makikita sa talahanayan 9 na madalas na naipaliwanag ng mga respondenteng ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akdang binasa gamit ang estratehiyang SQ3R. Mahusay rin nilang nasuri ang pagkamakatotohanan ng mga pangyayari sa loob ng akdang binasa. Bilang karagdagan, madalas naman nilang nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo. Nangangahulugan lamang ito na ang mga respondenteng mag-aaral ay sumasang-ayon na ang estratehiyang SQ3R ay makalilinang sa kanilang kasanayan sa *pagpapaliwanag sa sanhi at bunga ng mga pangyayari*, sa *pagsusuri sa pagkamatotohanan ng mga pangyayari sa binasang kuwento*, at sa *pagsusuri sa mga proyektong panturismo maiuugnay sa akdang binasa*.

Isinaad sa pag-aaral nina Bakhtiar, Salija & Abduh (n.d.) na ang sarbey na bahagi ng estratehiyang SQ3R ay nakatutulong sa mga mag-aaral na matuklasan ang pangkalahatang ideya o mahulaan ang nilalaman ng teksto bago ito basahin ng buo. Sa rebyu naman na bahagi ang mga mag-aaral ay magkapagbasa muli at susuriin ang nilalaman ng teksto. Mahuhulo sa pag-aaral na ang estratehiyang SQ3R ay nakatutulong sa retensyon at mahabang impresyon sa tekstong binasa nahumahantong sa maunawang pagbasa. Sa katunayan, madalas ang naging interpretasyon sa lahat ng tinasang kompetensi batay sa datos na sinuri.

## 5. Kongklusyon

Nilayon sa pag-aaral na ito na masuri ang kabisaan ng estratehiyang SQ3R sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ng Lanas National High School sa taong panuruan 2022-2023 bilang gabay sa pagbuo ng kagamitan sa pagtuturo ng pagbasa. Natuklasan na ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa

maunawang pagbasa gamit ang tradisyonal na pagtuturo sa mga tinukoy na kompetensi ay nasa *katamtaman* at *mababang pagkatuto*. Kapwa nasa *katamtamang pagkatuto* ang antas ng kasanayan ang pagganap ng mga mag-aaral sa mga kompetensing *pagpapaliwanag sa sanhi at bunga ng mga pangyayari at pagsusuri sa pagkamakatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan*. Samantala, sa kasanayan naman sa *paggamit ng datos ng pananaliksik sa proyektong panturismo*, kapansin-pansin ang *mababang pagkatuto* ng karamihan sa mga mag-aaral sa mga tekstong *Pagislam* at *Natalo rin si Pilandok.* Nangangailangan pa ng masidhi at ibayong pagtuturo upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga piling tekstong binasa at lubusang matamo ang mga piling kasanayang ninanais na linangin.

Sa panghuling pagganap naman ng respondente batay sa piling tukoy MELC's ay nakitaan ng positibong pagtaas. Lutang na lutang na kung susumahin ang kabuoang datos, ang mga respondente ay nabibilang sa antas na patungo sa pagkatuto matapos gamitin ang estratehiyang SQ3R. Patunay ito na kung gagamit ang guro ng sistematikong estratehiya, maaari itong magdulot ng pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa. Mayroon namang makabuluhang pagkakaiba sa paunang pagganap na gumamit ng tradisyonal na pagtuturo at panghuling pagganap na naglapat ng estratehiyang SQ3R sa pagtuturo ng maunawang pagbasa. Patunay lamang ito na ang estratehiyang SQ3R ay mabuting karagdagang estratehiya na makatutulong sa pagpapayaman ng komprehensyon ng mga mag-aaral na nararapat ikunsiderang gamitin ng kaguruan sa pagtuturo ng maunawang pagbasa.

Sa interes, ang paggamit ng estratehiyang SQ3R sa pagganap ng mga respondente sa maunawang pagbasa ay nagpapataas sa kanilang interes sa pagbasa. Kamamalasan ang mga mag-aaral na naging interesado sa pagbasa ng mga maikling kuwento, madalas nakasasagot sa tamang oras, at nakatulong ang ilustrasyon sa kanilang interes sa pagbasa. Natuklasan din na ang retensiyon ay nasa madalas na makalilinang sa kanilang kasanayan sa *pagpapaliwanag sa sanhi at bunga ng mga pangyayari, sa pagsusuri sa pagkamatotohanan ng mga pangyayari sa binasang kuwento, at sa pagsusuri sa mga proyektong panturismo* maiuugnay sa akdang binasa.

Ang paggamit ng estratehiyang SQ3R bilang karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ay nagpakita ng makabuluhang pag-unlad sa antas ng pagkatuto batay sa MELC's, kaya't nararapat itong gamitin ng mga guro sa pagtuturo ng maunawang pagbasa. Mula sa paunang pagganap na *katamtaman* at *mababa* sa tradisyonal na pagtuturo, lumalabas ang mas mataas na antas ng pagkatuto matapos gamitin ang SQ3R, kabilang ang paglinang ng kasanayan sa pagpapaliwanag ng sanhi at bunga, pagsusuri sa katotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan, at mas mataas na interes at retensiyon sa binasang teksto. Sa ganitong konteksto, mahalagang bumuo ng detalyadong kagamitan at materyales sa pagtuturo gaya ng *teacher's guide*, *rubrics*, *graphic organizers*, at mga *instructional video* na naglalarawan ng bawat hakbang ng SQ3R. Dapat ding isagawa ang regular na *professional development* para sa mga guro, kasama ang mga paraan ng pagsubaybay at pagsusuri ng epekto upang masiguro ang tuloy-tuloy na pag-unlad ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng sistematikong implementasyon, inaasahang mas mapapahusay ang pagganap ng mga mag-aaral, maiangat ang kanilang interes sa pagbasa, at mas mapalalim ang kanilang kakayahang suriin at mapagtanto ang katotohanan ng mga pangyayari sa binasang akda.

Naisakongklusyon na ang estratehiyang SQ3R sa pagbasa ay makatutulong sa pagpapahusay at paglinang ng MELC's sa maunawang pagbasa sa Filipino 7 at nakatutulong sa pagpapataas sa interes at retensiyon ng mga mag-aaral. Ang estratehiyang SQ3R ay karagdagang estratehiya na makatutulong sa pagpapayaman ng komprehensyon na nararapat ikunsiderang gamitin ng kaguruan sa pagtuturo ng maunawang pagbasa.

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Magsagawa ng ibayong pagsasanay sa mga gurong nagtuturo ng panitikan upang mapasidhi ang kasanayan ng sa gayon ay mapabuti ang tradisyonal na pagtuturo sa maunawang pagbasa.

2. Iminumungkahi ng mananaliksik ang paggamit ng estratehiyang SQ3R kabilang na ang integrasyon ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo upang matamo ang mga kasanayang nasa MELC's.

3. Gumamit ng mga inobatibong gawain o teknik upang higit na maipamalas ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan.

4. Himukin ang mga mag-aaral na gamitin ang estratehiyang SQ3R sa pagbasa upang maiangat ang interes at retensiyon ng may komprehensiyon sa mga babasahing akda.

5. Mas mainam na gamitin ang kagamitang pampagtuturong nabuo gamit ang estratehiyang SQ3R bilang karagdagang estratehiya sa maunawang pagbasa.

## 6. Talasanggunian


Amiruddin. (2022). The Influence of SQ3R Technique and Students' Reading Interest towards Students' Reading Comprehension Achievement. *Journal of Social Work and Science Education*, *3*(1), 60-65.

Asiri, A. & Momani, M. (2017). The Effectiveness of Using SQ3R to Teach Reading Skills. *Asian Journal of Educational Research*, *5*(1), 2017, 1-6.

Bakhtiar, H., Salija, K. & Abduh, A. (n.d.). The Effectiveness of SQ3R Strategy in Teaching Reading, 1-17. https://core.ac.uk/download/pdf/232129995.pdf.

Barber, A.T. & Klauda, S.L. (2019). How Reading Motivation and Engagement Enable Reading Achievement: Policy Implications. *Behavioral and Brain Sciences*, *7*(1), 27-34.

Bastug, M. (2014). The Structural Relationship of Reading Attitude, Reading Comprehension and Academic Achievement. *International J. Soc. Sci. & Education*, *4*(4), 931-946.

Biringkanae, A. (2018). The Use of SQ3R Technique in Improving Students' Reading Comprehension. *ELS Journal on Interdisciplinary Studies on Humanities*, *1*(2), 218-223.

Inas, A.A. & Hussein, S. (2023). Using Traditional and Modern Teaching Methods on the Teaching Process from Teacher’s Own Perspective. *Route Educational & Social Science Journal*, *10*(2), 65-92.

Ciccarelli, S. K. & White, J. N. (2009). Psychology, Second Ed. Pearson Prentice Hall.

Fisher, D., and Frey, N. (2004). Improving Adolescent Literacy: Strategies at Work. New Jersey: Pearson Prentice Hall.

Kawaguchi, J. (2011). Improving students’ reading comprehension: traditional reading instruction versus guided reading instruction. Vancouver Island University. http://dx.doi.org/10.25316/IR-149.

Mete, G. (2020). The impact of the reading engagement model on the 6$^{th}$ graders’ reading comprehension achievement. *African Educational Research Journal*, *8*(3), 499-510.

Mehta. S. (2019). Modern Teaching Methods, It’s time for the change.

San Juan, R. (December 4, 2019) DepEd Welcomes PISA results, Recognizes ‘gaps’ in Education Quality. Philstar Global. https://www.philstar.com/headlines/2019/12/04/1974229/deped-welcomes-pisa-results-recognizes-gaps-education-quality.

Tularam, G. A. & Machisella, P. (2018). Traditional vs Non-traditional Teaching and Learning Strategies - the case of E-learning! *International Journal for Mathematics Teaching and Learning*, *19*(1), 129-158. https://doi.org/10.4256/ijmtl.v19i1.21